

GUSTONG-GUSTONG MATUTO NG MGA BATA SA KINDERGARTEN

Ano ang kindergarten?

Ang kindergarten ay isang pang-edukasyong programa para sa mga bata bago sila magsimulang mag-aral.

Ang mga programang kindergarten ay itinuturo ng mga gurong may kuwalipikadong pinag-aralan. Sa kindergarten, magkakaroon ang iyong anak ng mahahalagang kasanayan para tulungan silang maghanda para sa pag-aaral.

Bakit mahalaga ang programang kindergarten para sa aking anak?

Nagkakaroon ang mga batang pumupunta sa kindergarten ng mga kasanayang pundasyon para sa lahat ng pagkatuto sa hinaharap, tulad ng pagbabasa, pagkatutong magbilang at pagkilala ng mga numero at kung paano lutasin ang mga problema. Matututo ang iyong anak sa pamamagitan ng paglalaro, na ipinapakita sa pananaliksik na siyang pinakamahusay na paraan para turuan ang maliliit na bata. Sa kindergarten, magkakaroon ang iyong anak ng mga bagong kaibigan at mabubuo ang kanilang kumpiyansa at pagiging independyente.

Sino ang nagbibigay ng mga programang kindergarten?

Available ang mga programang kindergarten sa karamihan ng mga long day care centre at gayundin sa mga independyenteng serbisyo ng kindergarten.

Paano ko pipiliin ang pinakamainam na kindergarten para sa aking anak?

Makabubuting alamin kung nagbibigay ang serbisyo ng kindergarten na pinondohan ng gobyerno – hanapin ang sertipikong “Funded Kindergarten” na naka-display sa serbisyo.

Sinusuri ng gobyerno ang kalidad ng lahat ng kindergarten at long day care service sa ilalim ng isang sistema na tinatawag na National Quality Framework at nagbibigay sa bawat serbisyo ng rating ng kalidad. Kailangang i-display ng lahat ng serbisyo ang kanilang rating. Puwede mong hilingin sa serbisyo na ipakita ito sa iyo, o sabihin sa iyo kung ano ang rating na kanilang natanggap.

Ang pinakamainam na paraan para matiyak na angkop ang serbisyo para sa iyong pamilya ay ang pagbisita sa isang long day care service o kindergarten, tingnan ang paligid nito at makipag-usap sa mga guro para maunawaan kung anong programang kindergarten ang puwede nilang ibigay sa iyong anak.

Paano kung hindi pa nakakapagsalita ng wikang English ang aking anak?

Isinasama sa programa ng mga guro sa kindergarten ang lahat ng bata, kaya magkakaroon ng parehong oportunidad na makapaglaro at matuto na gaya ng iba ang mga batang hindi nakakapagsalita ng wikang English.

Puwede ring magkaroon ng mga tagapagturong nagsasalita ng dalawang wika ang ilang kindergarten, na makapagbibigay ng karagdagang tulong sa mga batang nakapagsasalita ng kaunting English o hindi talaga nakapagsasalita ng wikang English.

Magkano ang gastos sa kindergarten?

Nagbibigay ang gobyerno ng pagpopondo para sa lahat ng batang papasok ng 15 oras sa kindergarten kada linggo sa taon bago pumasok sa paaralan. Karamihan sa mga serbisyo ang sumisingil ng bayarin bilang karagdagan sa pagpopondo ng gobyerno.

Puwedeng makakuha ng pinansyal na tulong ang ilang pamilya para tumulong sa gastos sa mga karagdagang bayarin, halimbawa, mga pamilyang may card sa pangangalagang pangkalusugan o humanitarian visa. Makipag-usap sa serbisyo ng kindergarten para sa higit pang impormasyon.

Paano ko ipapatala ang aking anak sa kindergarten?

Kung alam mo na kung sa aling serbisyo ng kindergarten mo gustong pumasok ang iyong anak, puwede kang makipag-ugnayan sa kanila para magpatala. Maraming lokal na konseho ang may mga Kindergarten Central Enrolment Scheme kaya puwede kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na konseho para magpatala sa isang programang kindergarten sa iyong lugar o magtanong sa iyong lokal na nars ng kalusugan ng ina at anak.

Karamihan sa mga kindergarten ay nagpapatala ng mga bata sa kalagitnaan ng taon para sa susunod na taon. May mga waiting list ang maraming kindergarten kaya magandang ideya na ipatala ang iyong anak sa lalong madaling panahon para magkaroon ng pinakamagandang pagkakataon na makapasok sa gusto mong lugar.

ALAMIN ANG HIGIT PA

Mga Website

Kumuha ng payo sa paghahanap ng angkop na kindergarten para sa iyong pamilya:

www.education.vic.gov.au/parents/childcare-kindergarten/Pages/default.aspx

Maghanap ng kindergarten sa iyong lugar:

www.education.vic.gov.au/findaservice/Home.aspx

Telepono

Hilagang silangang Victoria 1300 333 231

Hilagang kanlurang Victoria 1300 338 691

Timog silangang Victoria 1300 338 738

Timog kanlurang Victoria 1300 333 232

Para makakuha ng tulong sa iyong wika:

- Tumawag sa National Translating and Interpreting Service (TIS) sa 131 450
- Hilingin sa kanila na tawagan ang numero para sa iyong rehiyon (tingnan sa itaas)
- Mananatili sila sa kahabaan ng tawag sa telepono at magsasalin para sa iyo.